PONTIFICIO COLLEGIO FILIPPINO

VIA AURELIA 490 - 00165 ROMA, ITALIA * TEL & FAX +39 (06) 6604 1602
pcfroma@hotmail.com * www.pcfroma.org

Ika-22 ng Abril 2019

Rev. P. Ricky Gente, CS
Sentro Filippino Chaplaincy
at lahat ng mga Komunidad

Minamahal Naming mga Kapatid,

Kapayapaan! Parating na naman po ang taunang kapistahan ng ating Mahal na Birhen – *Nuestra Señora de la Paz y Buen Viaje* – na gaganapin ngayong taon sa ika-5 ng Mayo (unang Linggo ng buwan). Kayo pong lahat ay malugod naming inaanyayahan sa pagdiriwang na ito.

Tulad po nang mga nakaraang mga taon, magiging payak po ang ating pagdiriwang ng Collegio Day. Ito po ay sisimulan sa isang ***katesismo*** sa ganap na ika-9 ng umaga, na susundan ng ***Banal na Misa*** a las 10:30 at ***prosesyon***. Kasunod po ay ang ***salu-salo*** ng ating mga dala. Pagkatapos ay sisimulan ang ***programa*** na lalahukan ng iba't-ibang sector ng mga komunidad ng mga Pilipino dito sa Roma.

Sa taon na ito ay magkakaroon tayo ng ***picture taking*** ng bawat komunidad. Lubos rin na inaanyayan ang ating mga ***kabataan na sumali*** sa presentation ng bawat sector.

Bilang bahagi ng paghahanda, nakapagpulong pulong na sa Collegio ang iilang members ng mga sector. Sila naman ay nakikipagcoordinate sa lahat ng mga komunidad ng kani-kanilang sektor – tungkol sa mga dasalin, pagkain, tolda at programa ng bawat sektor, tulong sa decorations, parking (first come, first served, hanggan mapuno), at iba pa.

Inaasahan po namin at ikalulugod ang inyong pagdalo. Pagpalain nawa po kayo lagi ng Maykapal at ang inyong mga mahal sa buhay.

Gumagalang,

Gregory D. Gaston

Fr. Gregory Ramon D. Gaston
Rector

PONTIFICIO COLLEGIO - SEMINARIO FILIPINO - ROMA -